

## Impormasyon

**Humingi ng tulong kung hindi mo naiintindihan ang isang bagay.**  
Maaari kang magsama ng isang tao sa mga pakikipagkita upang matulungan kang maunawaan ang impormasyon.



May karapatan kang makakuha ng malinaw na impormasyon tungkol sa iyong kalusugan at iba't ibang serbisyong magagamit, gaya ng pampubliko at pribadong mga pagpipilian.

Kailangan mong magbigay ng may-kaalamang pahintulot bago magkaroon ng anumang paggamot. Nangangahulugan ito na dapat mong lubos na nauunawaan ang iyong mga opsyon sa paggamot, ang mga posibleng benepisyo at panganib, at ang mga gastos.

Dapat kang bigyan ng impormasyon tungkol sa iyong mga opsyon sa pangangalagang pangkalusugan, kung saan ka pupunta, tagal ng iyong paghihintay at kung kailangan mong magbayad para sa anuman.

Kung may nangyaring mali sa panahon ng iyong pangangalagang pangkalusugan, may karapatan kang malaman ang tungkol dito. Dapat ipaliwanag ng serbisyong pangkalusugan kung ano ang nangyari, kung paano ka maaaring maapektuhan at kung ano ang ginagawa upang gawing mas ligtas ang pangangalaga.

## Pagkapribado



**Dapat igalang ang iyong pagkapribado** sa lahat ng lugar, kabilang dito ang mga hospital ward at mga silid-antayan.

May karapatan kang igalang ang iyong pagkapribado. Kabilang dito ang pagkapribado ng iyong katawan, mga ari-arian, impormasyon at personal na espasyo.

Ang iyong personal at medikal na impormasyon ay dapat panatiliing nakatabi nang sigurado at kumpidensyal.

## Magbigay ng komento


May karapatan kang magbigay ng komento o magreklamo. Ang iyong mga alalahanin ay dapat matugunan nang hayagan at sa loob ng makatwirang takdang panahon. Ang pagbibigay ng komento o reklamo ay hindi dapat negatibong makaapekto sa paraan ng pagtrato sa iyo.

Ang pagbabahagi ng iyong mga karanasan ay maaaring magpabuti sa kalidad ng pangangalagang pangkalusugan.

Kung nag-aalala ka na hindi iginalang ang iyong mga karapatan, makipag-usap sa iyong clinician o organisasyon ng serbisyong pangkalusugan. Kung hindi mo ito magawa, o hindi ka nasiyahan sa kanilang tugon, makipag-ugnayan sa organisasyon ng mga reklamong pangkalusugan sa inyong estado o teritoryo.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Charter o mga detalye sa pakikipag-ugnayan para sa mga organisasyon ng mga reklamong pangkalusugan, bisitahin ang:

[www.safetyandquality.gov.au/your-rights](http://www.safetyandquality.gov.au/your-rights)



**Magtanong sa serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa higit pang impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa pangangalagang pangkalusugan.**

Level 5, 255 Elizabeth Street  
Sydney NSW 2000

GPO Box 5480  
Sydney NSW 2001

Telepono: (02) 9126 3600  
mail@safetyandquality.gov.au

[safetyandquality.gov.au](http://safetyandquality.gov.au)



**AUSTRALIAN COMMISSION**  
ON SAFETY AND QUALITY IN HEALTH CARE

## Ang Aking mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan (My Healthcare Rights)

FILIPINO | FILIPINO



HUNYO 2022

**AUSTRALIAN COMMISSION**  
ON SAFETY AND QUALITY IN HEALTH CARE

Mayroon kang karapatan sa ligtas at mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan, tulad ng inilarawan sa **Charter ng mga Karapatan sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Australya (Ang Charter Australian Charter of Healthcare Rights (the Charter))**.

Ipinapaliwanag ng Charter kung ano ang maaasahan mo o ng isang taong inaalagaan mo kapag tumatanggap ng pangangalagang pangkalusugan.

Nalalapat ang mga karapatan sa lahat at saanmang lugar sa Australya kung saan ibinibigay ang pangangalagang pangkalusugan.

Maglaan ng oras upang basahin at unawain ang iyong mga karapatan.

Inilalarawan ng polyetong ito ang **pitong mga karapatan sa Charter**.



## Pag-access

May karapatan kang gumamit ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at tumanggap ng paggamot kapag kailangan mo nito.



May karapatan kang tumanggap ng pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa iyong mga pangangailangan.

Tumutulong ang Medicare sa mga gastos sa pagpatingin sa doktor, gayundin sa maraming paggamot at gamot. May karapatan kang malaman, bago ka tumanggap ng paggamot, kung mayroong anumang mga bayarin at singil na kailangan mong bayaran.

Ang mga organisasyon ng serbisyong pangkalusugan ay kailangang magpaubaya ng isang kapaligiran na nagbibigay-daan sa mga taong may kapansanan na gamitin ang mga serbisyo nito.

## Kaligtasan

May karapatan kang maalagaan sa isang lugar na ligtas at nagpapadama sa iyo na ligtas ka.



May karapatan kang tumanggap ng ligtas at mataas na kalidad na pangangalagang pangkalusugan na tumutugon sa mga pambansang pamantayan.

Ang iyong pangangalagang pangkalusugan at paggamot ay dapat na nakabatay sa pinakamahusay na makukuhang ebidensya, at sa iyong mga pangangailangan at kagustuhan.

Kung nag-aalala ka tungkol sa iyong kalusugan, may napapansing nakapag-aalang pagbabago, o sa tingin mo ay may nakaligtasan, may karapatan kang humiling na rebyuhin ito.

## Paggalang



Dapat kilalanin at igalang ng iyong organisasyon ng serbisyong pangkalusugan ang iyong kultura, pagkakakilanlan at mga paniniwala.

May karapatan kang tratuhin nang may dignidad, paggalang at pagmamalasakit.

Dapat kang tanungin tungkol sa iyong mga pangangailangan, at ang iyong pangangalaga ay dapat sumasalamain sa iyong mga kagustuhan.

## Pakikipagtulungan

Ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong clinician ay makakatulong sa iyong makatanggap ng pangangalaga na tama para sa iyo.



May karapatan kang tratuhin bilang katuwang ng iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan. Maaari kang magtanong ng maraming tanong hangga't kailangan mo. Dapat makipag-usap sa iyo ang iyong clinician tungkol sa iyong pangangalagang pangkalusugan nang hayagan at tapat.

Maaari mong isali ang ibang tao sa iyong pangangalaga, tulad ng pamilya, mga kaibigan, tagapag-alaga o isang tagapagtanggol ng konsyumer.